

Para sa mga magmamaneho sa loob ng Japan gamit ang International Driving Permit

~ Nangyayari ang mga kasong pagmamaneho nang walang lisensya
gamit ang International Driving Permit.~

Dito sa Japan, ang pagmamaneho gamit ang International Driving Permit ay tulad din sa "pagmamaneho nang walang lisensya" kung hindi matugunan ang mga sumusunod na kondisyon. (Lalapatan ng kaparusahang pagkabilanggo nang hindi hihigit sa tatlong taon o multang hindi hihigit sa limang daang libong yen.) Mapaiiral ito pati sa mga Japanese.

Ang mga kondisyon para sa pagmamaneho sa loob ng Japan

- Dapat katugma sa nakatakdang format ang lisensya

Ang International Driving Permit na ipinagkaloob ng bansang kasali sa Geneva Convention ay dapat katugma sa format ng Annex 9 o Annex 10 ng nasabing Convention.


- Sa wastong panahon

Isang taon mula sa araw ng pag-iisyu at hindi hihigit sa isang taon mula sa araw ng pagpasok(pagbalik) sa Japan.

- Panahon mula sa araw ng paglabas ng Japan hanggan sa araw ng pagpasok(pagbalik) sa Japan ay kailangang tatlong buwan o higit pa. (Tingnan ang diagram sa ibaba.)

Paalala! Kung ang isang taong nakarehistro sa Basic Resident Register (halimbawa'y Japanese o Taga-ibang bansa kagaya ng mid-to-long term resident at iba pa) na may natanggap na confirmation ng paglabas ng bansa, at siya ay lalabas ng Japan, at kukuha ng bagong International Driving Permit, kung siya ay papasok(babalik) sa Japan bago umabot sa tatlong buwan ang kanyang pamamalagi sa ibang bansa, ang araw ng kanyang pagpasok(pagbalik) sa Japan ay hindi ibibilang na araw ng simula ng panahon na puwede siyang magmaneho. Para sa mga detalye, basahin ninyo ang Home Page ng Chiba Police.

Situwasyon na puwedeng magmaneho (kung ang International Driving Permit ay ipinagkaloob nang humigit sa tatlong buwan o higit pa ang panahon mula sa paglabas ng Japan hanggan sa pagpasok (pagbalik) sa Japan).



Situwasyon na hindi puwedeng magmaneho (kung ang International Driving Permit ay ipinagkaloob nang hindi humigit sa tatlong buwan ang panahon mula sa paglabas ng Japan hanggan sa pagpasok (pagbalik) sa Japan).



Chiba Police Headquarters